

# ANG PASULONG NA DAAN

**BAGAMAN HINDI KAILANMAN TAMA: ISANG PLANONG PAGKILOS UPANG MAPAHINTO ANG SEKSWAL NA KARAHASAN AT PANLILIGALIG** (IT'S NEVER OKAY: AN ACTION PLAN TO STOP SEXUAL VIOLENCE AND HARASSMENT), GINAGAWA NAMIN ANG AMING BAHAGI UPANG MAGTAGUYOD NG ONTARIO KUNG SAAN LAHAT NG TAO AY MABUBUHAY NANG LIGTAS AT MALAYA SA PAGBABANTA, TAKOT O KARANASANG SEKSWAL NA KARAHASAN AT PANLILIGALIG.

KABILANG SA PLANO ANG MGA PANGAKONG:

- 1 Magpakilala ng lehislyasyon na magpapatibay sa mga probisyong kaugnay ng sekswal na karahasan at panliligalig sa lugar ng trabaho, sa campus, sa pamamahay at sa pamamagitan ng prosesong sibil na paghahabol.
- 2 Maglunsad ng kampanya sa pampublikong edukasyon at kaalaman sa buong Ontario upang hamunin ang mga pag-uugali, magtaguyod ng agarang pagbabago sa asal sa kultura ng panggagahasa, at hikayatin ang pangmatagalang pang-henerasyong paglipat upang matigil ang malalim na mga pag-uugali at asal.
- 3 Gumawa ng mga kasangkapan at tukuyin ang mga pinakamahusay na kasanayan upang suportahan ang mahabagin at sensitibong tugon mula sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas upang hikayatin ang mas maraming nakaligtas na mag-ulat ng mga sekwal na panggagahasa.
- 4 Dagdagan ang mga suporta at gumawa ng pinahusay na modelo sa prosekusyon upang mapabuti ang karanasan ng mga nakaligtas sa pagnanabiga sa sistema ng kriminal na hustisya.
- 5 Isapanahon ang kurikulum ng Kalusugan at Pisikal na Edukasyon upang tulungan ang mga mag-aaral sa baitang 1-12 na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa tungkol sa karamihan ng mga mahahalagang isyu kabilang ang mga mabubuting relasyon at pahintulot.
- 6 Magsimula ng lehislyasyon para atasan ang mga kolehiyo at unibersidad na makipagtulungan sa mga mag-aaral na magpatupad ng pang-buong campus na mga patakaran sa sekswal na karahasan at panliligalig na kasama ang pagsasanay, prebensiyon, mga pamamaraan sa pagreklamo at mga protokol sa pagtugon.

(pinagpatuloy sa susunod na pahina)

- 7 Patibayin ang mga suporta na nilalaan ng batay sa ospital na Mga Sentrong Panggamot sa Sekswal at Domestikong Karahasan upang magmentina ng 24/7 na access sa ekselenteng, angkop at nasasapanahong pag-aalaga.
- 8 Gumawa ng nasasapanahong pagsasanay para sa mga manggagawang unang humaharap sa mga serbisyong pangkalusugan, komunidad, edukasyon at panghustisyang sektor upang mas mahusay na masuportahan ang mga nakaligtas sa sekswal na panggagahasa at panliligalig at gumawa ng pagsasanay para sa mga manggagawa sa sektor ng hospitality upang bigyang kapangyarihan sila upang matuto kung paano tumulong kapag nakaenkuwentro sila ng mga sitwasyong mataas ang panganib.
- 9 Patatagin at dagdagan ang pondo para sa mga batay-sa-komunidad na mga sentro ng sekswal na panggagahasa.
- IO Lumikha ng pangunahing programa upang magbigay ng libreng independiyenteng legal na payo sa mga nakaligtas sa sekswal na panggagahasa na ang mga kaso ay sumusulong patungo sa kriminal na pagdinig.
- II Magtaguyod ng permanenteng roundtable upang gawin ang Ontario na namumuno sa loob ng Canada sa mga isyu ng karahasan laban sa mga kababaihan.
- I2 Pahusayin ang mga batas sa lugar ng trabaho upang patibayin ang pagpapatupad sa ilalim ng Batas sa Occupational na Kalusugan at Kaligtasan, kabilang ang pagtataguyod ng Kodigo ng Pagsasagawa upang tulungan ang mga employer na gumawa ng mas matibay na mga patakaran sa sekswal na panliligalig.
- I3 Maglunsad ng malikhaing pondo sa pakikipag-ugnayan na sumusuporta sa mga artist ng Ontario na gumawa ng mga proyekto na nag-uudyok sa talakayan at diyalogo sa mga isyu ng pahintulot, kultura ng panggagahasa at kawalang ng pagiging patas ng kasarian.



Para sa tulong, tumawag sa 211 o bumisita sa [211.ca](http://211.ca)  
Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [ontario.ca/itsneverokay](http://ontario.ca/itsneverokay)